Departamento ng Sheriff ng County ng San Diego

Pagsunod sa Senate Bill 54: Ang California Values Act

Tinatanggap ng Departamento ng Sheriff ng County ng San Diego ang mayamang dibersidad sa mga komunidad na ating pinaglilingkuran. Inuuna namin ang mga ugnayang pangkomunidad at ninanais na ang lahat ng residente ay maramdamang sila ay ligtas kapag nag-uulat ng krimen.

Kawanihan ng mga Serbisyo ng Pagpapatupad ng Batas

- Ang mga deputado ng Sheriff ay hindi nag-iimbestiga o nagpapatupad ng batas na pang-imigrasyon
- Hindi itatanong ng mga deputado ng Sheriff ang kanilang katayuang pang-imigrasyon
- Ang Departamento ng Sheriff ay hindi nakikipagkontrata sa pederal na gobyerno upang ikulong ang mga indibidwal para sa mga paglabag na pang-imigrasyon
- Hindi kinukulong ng Departamento ng Sheriff ang mga indibidwal batay sa mga pederal na detainer warrant
- Ang paggamit ng resources ng departamento para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon ay ipinagbabawal
- Ang mga deputado ng Sheriff ay hindi gumagamit ng mga opisyal sa imigrasyon para sa mga serbisyo ng pagsasalin sa wika
- Ang Departamento ng Sheriff ay hindi magbabahagi ng personal na matutukoy na impormasyon para sa pagpapatupad ng imigrasyon

Pakikibahagi ng Task Force

- Ang personnel ng Sheriff na itinalaga sa mga panrehiyong task force ay hindi nagpapatupad ng batas na pang-imigrasyon
- Ang personnel ng Sheriff na itinalagang makibahagi sa mga panrehiyong task force ay nagpapatupad ng pang-estado at pederal na batas na nauugnay sa narcotics, kriminal na aktibidad sa pagitan ng mga bansa, human trafficking, mga armas, terorismo at iba pang mga marahas na krimen.

Mga Kulungan

- Hindi ililipat ng Departamento ng Sheriff ang isang indibidwal sa mga awtoridad ng imigtasyon maliban kung awtorisado ng panghukumang warrant o batay sa kuwalipikadong hatol ayon sa batas ng Estado
- Ang Departamento ng Sheriff ay hindi magbibigay ng impormasyon tungkol sa petsa ng paglaya ng indibidwal o tutugon sa mga kahilingan para sa notipikasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga petsa ng paglaya o iba pang impormasyon maliban kung ang impormasyong iyon ay maaaring makuha ng publiko o isang kuwalipikadong hatol gaya ng nakasaad sa itaas
- Ang mga tagalabas na ahensya ng pagpapatupad ng batas, kabilang ang mga ahente ng Immigration and Customs Enforcement (ICE), ay walang malayang access sa alinman sa mga pasilidad o kulungan ng Sheriff. Sila ay inaatasang mag-check in sa pamamagitan ng pangunahing pasukan at sumunod sa mga patnubay sa propesyonal na bisita
- Ang Departamento ng Sheriff ay hindi nagbibigay ng nakalaang espasyong pang-opisina para sa mga awtoridad ng imigrasyon
- Isang form ng pahintulot (makukuha sa anim na wika) ang dapat makumpleto at maipadala sa isang nakakulong sa Kulungan ng County para sa lahat ng mga hiniling na panayam ng mga ahente ng ICE. Ipinapaalam ng form na ito sa indibidwal na humihiling ang ICE na makapanayam sila. May opsyon ang nakakulong na makapanayam sa presensya ng isang abogado, nang walang abogado o upang tanggihan ang panayam. Magkakaloob ng mga serbisyo ng pagsasalin sa wika, at hindi magdudulot ng presyur sa nakakulong tungkol sa alinman sa kanilang pipiliin

Transparency

- Ang mga ulat, dating presentasyon at iba pang data at impormasyong nauugnay sa Values Act ay nakapaskil sa pampublikong webpage para sa Departamento ng Sheriff ng San Diego